## KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 98-30

**KAPASIYAHAN NA NAGGAGAWAD NG PAGKILALA SA MATAPAT, MAHUSAY AT EPEKTIBONG PAMAMAHALA NG PUNONGLUNGSOD, MGGL. IGNACIO R. BUNYE.**

****************************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Jaime R. Fresnedi**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

****************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang panunungkulan bilang **Ama ng Bayan** ay isang pananagutan na ang katumbas ay pagpapakasakit ng sariling sambahayan;

**SAPAGKAT,** sa karanasan ng paglilingkuran sa mamamayan, natagpuan kay **Mggl. Ignacio "Toting" Rivera Bunye** ang dedikasyon sa tungkulin at katangian ng isang mahusay, matapat at epektibong Pinuno sa pamamalakad ng bayan;

**SAPAGKAT,** magmula ng manungkulan si **Mggl. Ignacio "Toting" Rivera Bunye** bilang Punongbayan, una ay sa pagiging Officer-in-Charge, nang dahil sa katapatan at pagkamakabayan, siya ay tatlong (3) ulit na pinagtiwalaan ng mamamayan;

**SAPAGKAT,** sa panunungkulan ni **Mggl. Toting Bunye** napatanyag ang Muntinlupa sa buong Pilipinas, hindi lamang sa larangan ng mabilis na pagsulong sa kaunlaran kundi sa pagiging huwaran ng Lungsod sa pagkakaloob ng mabilis at mahusay na serbisyo sa publiko;

**SAPAGKAT,** sa pangunguna ni **Mggl. Toting Bunye,** nakilala ang Lungsod ng Muntinlupa bilang isa sa mga **"Premier Cities"** ng bansa;

**SAPAGKAT,** sa karangalan na natamo ng Lungsod ng Muntinlupa sa pagsulong ng kapakanan ng nakararaming mamamayan, na sa pangunguna ng Kagalang-galang na Punonglungsod, **Mggl. Ignacio "Toting" Rivera Bunye,** na naghandog ng kanyang maningning na araw sa paglilingkuran na pinatingkad ng kanyang katapatan na di alintana ang sariling kapakanan ay isang kahanga-hangang huwaran na dapat pamarisan at gawaran ng pagkilala;

Victor L. Ulanday

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na gawaran, na ngayon ay ginagawaran ng pagkilala ang Kagalang-galang na Punonglungsod, **Mggl. Ignacio "Toting" Rivera Bunye** sa kanyang matapat, mahusay at epektibong panunungkulan sa Lungsod ng Muntinlupa sa loob ng labindalawang (12) taon.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **16 Marso 1998, sa ginanap na ika-siyam (9th) Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON :**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa : ____________________